SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

# ANG KABISAAN NG REPEATED READING STRATEGY SA PAGPAPAHUSAY NG BILIS NG PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA UNANG YUGTO, SANGAY NG LUNGSOD NG DAVAO

**Rene P. Sultan, EdD, DPA[1], Mhe Ann P. Mante, MAT, MAEM[2]**
**Alexander S. Delos Reyes, MAEd[3]**
*DepED Division of Davao City, Davao City, Mindanao Island, Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang kabisaan ng Repeated Reading Strategy (RRS) sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Yugto (Baitang 3) sa mga piling pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Davao. Ginamit sa pag-aaral ang Convergent Parallel Mixed Methods Design, kung saan pinagsama ang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan sa pangangalap ng datos. Sa bahaging kuwantitatibo, ginamit ang one-group pretest-posttest design sa 45 piling mag-aaral na nakapagtala ng mababang antas ng bilis ng pagbasa mula sa tatlong paaralan. Sa bahaging kuwalitatibo naman, nagsagawa ng semi-structured na panayam sa siyam (9) na gurong nagtuturo ng Filipino upang makuha ang kanilang mga pananaw hinggil sa implementasyon ng estratehiya. Ang mga kuwantitatibong datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, at paired sample t-test, samantalang thematic analysis naman ang ginamit sa mga kuwalitatibong datos. Ipinabatid ng mga kinalabasan na bago ang interbensyon (pre-test), mababa ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral. Subalit, matapos ang apat na linggong pagpapatupad ng RRS, kapansin-pansin ang makabuluhang pagtaas ng antas ng kanilang pagganap sa post-test. Batay sa paired sample t-test, ang nakamit na t-value ay nagpapatunay na may makabuluhang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon, na nagpapatunay sa mataas na kabisaan ng RRS. Mula naman sa pananaw ng mga guro, tatlong pangunahing tema ang umusbong: ang positibong epekto ng RRS sa kasanayan sa pagbasa, ang pagbabago sa kumpiyansa at motibasyon ng mga mag-aaral, at ang konsistensi at tamang pagpapatupad bilang susi sa tagumpay. Pinatutunayan ng pag-aaral na ito na ang RRS ay isang mabisang kasangkapan na nagpapaunlad sa akademikong aspekto (bilis at tatas), sikolohikal (kumpiyansa), at pedagohikal (suporta ng pamilya at araw-araw na pagsasanay) ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ng pag-aaral na gawing institusyonal ang paggamit ng RRS sa mga klase sa Filipino, magpatupad ng home reading activities sa tulong ng magulang, at palawakin ang mga susunod na pananaliksik sa iba pang antas ng baitang at dimensyon ng pagbasa.*

**MGA SUSING SALITA**: *Repeated Reading Strategy, Bilis ng Pagbasa, Unang Yugto, Mixed- Methods, Sangay ng Lungsod ng Davao*

## I. Panimula

Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan na nagsisilbing batayang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa unang yugto ng pag-aaral. Isa sa mga pangunahing sangkap ng mahusay na pagbasa ay ang bilis ng pagbasa (reading fluency), na tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na makabasa nang wasto, tuloy-tuloy, at may angkop na bilis. Kapag ang isang mag-aaral ay may sapat na bilis sa pagbasa, mas nagiging madali para sa kaniya ang pag-unawa sa teksto at ang pagkatuto sa iba't ibang aralin ng iba't ibang asignatura. Gayunpaman, sa aktuwal na sitwasyon sa silid-aralan, maraming mag-aaral ang nakararanas ng mabagal na pagbasa, na nagiging hadlang sa kanilang akademikong pag-unlad.

Sa konteksto ng mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Davao, nababatid ng mga guro na may mga mag-aaral sa unang yugto na hindi pa nakakamit ang inaasahang antas ng bilis ng pagbasa. Ang ganitong kalagayan ay maaaring maiugnay sa kakulangan ng sapat na pagsasanay, kakulangan sa eksposyor sa mga babasahin, at hindi angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Dahil dito, kinakailangan ang paggamit ng mga interbensiyong nakabatay sa mga patunay upang matugunan ang suliraning ito at mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.Isa sa mga estratehiyang kinikilala sa larangan ng pagtuturo ng pagbasa ay ang *Repeated Reading Strategy*. Ito ay isang pamamaraang nakatuon sa paulit-ulit na pagbasa ng isang teksto upang mapabuti ang bilis at pagiging matatas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa mga pag-aaral nina Rasinski (2020), Kim (2019), at Calvin et al. (2026), ang paulit-ulit na pagbasa ay nakatutulong sa pagpapataas ng bilis sa pagbasa, dahil nagiging pamilyar ang mga mag-aaral sa mga salita at estruktura ng wika. Sa pamamagitan nito, nababawasan ang pag-aalinlangan sa pagbasa at napapalitan ito ng kumpiyansa at awtomatikong pagkilala sa mga salita.

Alinsunod sa mga adhikain ng Basic Education Research Fund (BERF) na paigtingin ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng mga pananaliksik na nakatuon sa aktuwal na suliranin sa paaralan, isinasagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang kabisaan ng Repeated Reading Strategy sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto sa Sangay ng Lungsod ng Davao.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Layunin nitong makapagbigay ng mga empirikal na patunay na maaaring magsilbing batayan sa pagpili at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral hinggil sa paggamit ng *Repeated Reading Strategy*, nababatid na karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang aspekto ng pagbasa tulad ng tatas at maunawang pagbasa, at kadalasang isinasagawa sa kontekstong malawak ang saklaw at karaniwan ay mga dayuhang pag-aaral. Nababatid na may kakulangan ng mga pag-aaral na nakatuon lamang sa bilis ng pagbasa bilang isang bukod at mahalagang sangkap ng kasanayan sa pagbasa, lalo na sa konteksto ng mga paaralang elementarya ng Sangay ng Lungsod ng Davao. Dahil dito, nagiging mahalaga ang kasalukuyang pananaliksik upang punan ang puwang na ito sa literatura. Ang agarang pangangailangan ng pag-aaral ay nakabatay sa patuloy na hamon sa mabagal na pagbasa ng mga mag-aaral, na may tuwirang implikasyon sa kanilang pagkatuto sa iba't ibang asignatura. Sa aspektong akademiko, ang pag-aaral na ito ay inaasahang makapag-aambag ng bagong kaalaman hinggil sa bisa ng Repeated Reading Strategy (RRS) sa pagpapatatag ng bilis sa pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto ng pag-aaral.

**Katanungan sa Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang kabisaan ng *Repeated Reading Strategy* sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Davao. Sa katiyakaan, tinangkang sagutin ng pananaliksik na ito ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto bago ang paggamit ng Repeated Reading Strategy (pre-test)?
2. Ano ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Yugto matapos ang paggamit ng Repeated Reading Strategy (post-test)?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang Repeated Reading Strategy?
4. Ano ang mga pananaw ng mga guro hinggil sa kabisaan ng paggamit ng Repeated Reading Strategy sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto?

**Haypotesis**

Ang haypotesis ng pag-aaral na ito ay sinubok sa (0.05) antas ng kahalagahan:

$Ho_1$. Walang makabuluhang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng Repeated Reading Strategy.

**Saklaw at mga Limitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kabisaan ng Repeated Reading Strategy (RRS) sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto sa mga piling pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Davao. Saklaw nito ang pagsukat ng antas ng bilis ng pagbasa bago at matapos ang pagtataguyod ng RRS gamit sa pre-test at post-test. Kasama rin sa pag-aaral ang pagkuha ng mga pananaw ng mga guro hinggil sa kahalagahan, kabisaan, at mga hamon sa paggamit ng naturang estratehiya.

Nililimitahan ang pag-aaral sa mga mag-aaral sa unang yugto lamang (Baitang 3) at hindi saklaw ang iba pang baitang. Nakatuon lamang ito sa bilis ng pagbasa at hindi sinuri ang iba pang dimensyon ng pagbasa gaya ng pag-unawa sa binasa, katumpakan, at ekspresyon sa pagbasa. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nakabatay lamang sa mga kalahok at kontekstong saklaw ng pananaliksik at hindi maaaring agad na ilapat sa lahat ng paaralan nang walang karagdagang pag-aaral. Sa ikaapat na tanong ng pag-aaral na nakatuon sa kuwalitatibong bahagi, ay naglalahad sa pansariling pananaw ng mga guro hinggil sa kabisaan ng paggamit ng Repeated Reading Strategy sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang kabisaan ng Repeated Reading Strategy sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa mga piling pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Davao. Inaasahang magiging kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa mga sumusunod:

*Mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang.* Ang pangunahing makikinabang sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Sa pamamagitan ng paggamit ng Repeated Reading Strategy, inaasahang mapauunlad ang kanilang bilis sa pagbasa, na isang mahalagang kasanayan sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa binabasa. Ang pagtaas ng kanilang kakayahan sa pagbasa ay maaaring magbunga ng higit na kumpiyansa sa pakikilahok sa mga gawaing pangklasrum at mas mabuting pagganap sa iba't ibang asignatura na ang mga wikang panturo ay Filipino.*Mga Gurong Nagtuturo ng Filipino sa Ikatlong Baitang.* Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay maaaring magsilbing batayan ng mga guro sa pagpili at paggamit ng mga mabisang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Magkakaroon din sila ng karagdagang kaalaman hinggil sa paggamit ng Repeated Reading Strategy bilang interbensiyong makatutulong

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

sa mga mag-aaral na may mababang bilis ng pagbasa. Maaari din itong magsilbing sanggunian sa pagpaplano ng mga programa sa pagbasa at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

*Mga Punong-guro at mga Tagamasid Pampurok.* Makapagbibigay ang pag-aaral ng empirikal na datos na maaaring gamitin ng mga punong-guro at mga tagamasid pampurok sa pagbuo at pagtataguyod ng mga programang nakatuon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Maaari din itong magsilbing gabay sa pagpaplano ng mga pagsasanay para sa mga guro, paglalaan ng mga kinakailangang kagamitang pampagkatuto, at pagpapatibay ng mga interbensiyong nakatuon sa pagpapataas ng antas ng pagbasa sa kanilang paaralan.

*Tagamasid sa Filipino ng Sangay ng Lungsod ng Davao*. Ang mga resulta ng pag-aaral ay maaaring magsilbing batayan ng Sangay ng Lungsod ng Davao sa pagbalangkas, pagpapatupad at pagmamasid ng mga programa sa pagbasa na nakabatay sa tanggap na ebidensya. Makatutulong ito sa pagpapalakas ng mga inisyatiba ng sangay upang matugunan ang mga hamon sa pagbasa ng mga mag-aaral at maisulong ang layunin ng pagpapataas ng kalidad ng pagbasa sa antas elementarya.

*Mga Mananaliksik sa Hinaharap*. Magsisilbing mahalagang sanggunian ang pag-aaral na ito para sa mga mananaliksik na nagnanais magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral hinggil sa pagbasa, partikular sa paggamit ng iba't ibang estratehiyang pampagkatuto. Maaari nilang gamitin ang mga natuklasan bilang batayan sa pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik at pagpapaunlad ng mga interbensiyong nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

## II. METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-methods research design, partikular ang Convergent Parallel Mixed Methods Design. Ayon kina Creswell et al. (2018), ang mixed methods ay isang disenyo ng pananaliksik na pinagsasama ang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan sa pangangalap at pagsusuri ng datos upang magkaroon ng mas komprehensibo at malalim na pag-unawa sa isang penomenon. Sa Convergent Parallel Design, ang kuwantitatibo at kuwalitatibong datos ay sabay na kinokolekta, sinusuri nang magkahiwalay, at pagkatapos ay pinagsasama upang mabuo ang pangkalahatang interpretasyon ng mga natuklasan.

Sa bahaging kuwantitatibo, ginamit ang one-group pretest-posttest design upang masukat ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos ang paggamit ng Repeated Reading Strategy. Isinagawa ang paunang pagsusulit (pre-test) upang matukoy ang paunang datos o *baseline data* ng bilis ng pagbasa ng mga kalahok. Matapos ang implementasyon ng Repeated Reading Strategy sa itinakdang panahon, isinagawa ang panghuling pagsusulit (post-test) upang masukat ang anumang pagbabago sa kanilang bilis ng pagbasa.

Sa bahaging kuwalitatibo, nagsagawa ng mga panayam sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ikatlong baitang upang makuha ang kanilang mga pananaw hinggil sa kabisaan, kahalagahan, at mga hamon sa paggamit ng Repeated Reading Strategy. Ang kuwalitatibong datos ay nagsilbing karagdagang paliwanag at pagpapatibay sa mga natuklasang kuwantitatibo.

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay itinuring na angkop sapagkat hindi lamang nito nasukat ang epekto ng Repeated Reading Strategy sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral kundi nabigyang-linaw rin nito ang mga karanasan at pananaw ng mga guro hinggil sa pagpapatupad ng nasabing estratehiya sa mga piling paaralang elementarya sa Sangay ng Lungsod ng Davao**.**

### Mga Kalahok

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga kalahok. Ayon kina Patton (2015), ang *purposive sampling* ay isang uri ng *non-probability sampling* kung saan sinasadyang pinipili ng mananaliksik ang mga kalahok na nagtataglay ng mga katangiang kinakailangan upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Ang paraang ito ay angkop sa mga pag-aaral na nangangailangan ng mga kalahok na may partikular na karanasan o pangangailangan na may kaugnayan sa suliraning sinisiyasat.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 45 piling mag-aaral sa ikatlong baitang mula sa tatlong piling paaralang elementarya sa Sangay ng Lungsod ng Davao na nakapagtala ng mababang antas ng bilis ng pagbasa batay sa resulta ng kanilang paunang pagtataya sa pagbasa. Ang bilang na ito ay itinuturing na sapat upang masukat ang epekto ng Repeated Reading Strategy sa pagpapahusay ng kanilang bilis sa pagbasa. Kasama rin sa pag-aaral ang siyam (9) na gurong nagtuturo ng Filipino sa ikatlong baitang, tig-tatlo mula sa bawat paaralan, na magsisilbing kalahok sa kuwalitatibong bahagi ng pananaliksik upang maibahagi ang kanilang mga pananaw hinggil sa kabisaan, kahalagahan, at mga hamon sa paggamit ng Repeated Reading Strategy.

Ayon kina Creswell at Plano Clark. (2018), ang *purposive sampling* ay karaniwang ginagamit sa mixed methods research upang matiyak na ang mga kalahok ay may mga katangiang naaayon sa layunin ng pag-aaral at makapagbibigay ng makabuluhang datos para sa parehong kuwantitatibo at kwalitatibong bahagi ng pananaliksik.

Pinili ang mga kalahok batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) kasalukuyang nakatala sa ikatlong baitang sa taong panuruan 2025-2026; (2) nakapagtala ng mababang antas ng bilis ng pagbasa batay sa resulta ng paunang pagtataya; at (3) may pahintulot mula sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga na lumahok sa pananaliksik. Para naman sa mga guro, kinakailangang sila ay

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa ikatlong baitang at tuwirang kasangkot sa pagpapatupad ng Repeated Reading Strategy sa kanilang mga mag-aaral.

**Mga Hakbang sa Paglikom ng mga Datos**

Matapos makuha ang kinakailangang pahintulot mula sa mga kinauukulang tanggapan at mga punong-guro ng mga piling paaralang elementarya sa Sangay ng Lungsod ng Davao, isinagawa ang pre-test upang masukat ang paunang antas ng bilis ng pagbasa ng mga piling mag-aaral sa ikatlong baitang. Ang mga resulta ng pre-test ay itinala at sinuri upang magsilbing batayang datos ng pag-aaral.

Pagkatapos ng paunang pagtataya, ipinatupad ang Repeated Reading Strategy (RRS) sa loob ng apat na linggo. Sa panahong ito, ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ay paulit-ulit na nagbasa ng mga piling tekstong angkop sa kanilang antas sa ilalim ng paggabay ng kanilang mga gurong nagtuturo ng Filipino. Ang mga gawaing pagbasa ay isinagawa ayon sa itinakdang iskedyul upang mabigyan ang mga mag-aaral ng sapat na pagkakataong malinang ang kanilang bilis at katatasan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy at sistematikong pagpapatupad ng estratehiya sa loob ng apat na linggo, inaasahang higit na nahasa ang kanilang kakayahan sa mabilis at wastong pagbasa.

Matapos ang apat na linggong implementasyon ng Repeated Reading Strategy, isinagawa ang post-test gamit ang parehong pamantayan sa pagtataya na ginamit sa pre-test. Layunin nitong masukat ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensiyon. Ang mga resulta ng post-test ay inihambing sa mga resulta ng pre-test upang matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa bilis ng pagbasa ng mga kalahok.

Kasunod nito, nagsagawa ng semi-structured na panayam sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ikatlong baitang upang makuha ang kanilang mga pananaw hinggil sa kabisaan, kahalagahan, at mga hamon sa paggamit ng Repeated Reading Strategy. Ang mga tugon ng mga guro ay naitala, nai-*transcribe*, at isinailalim sa *thematic analysis* upang matukoy ang mahahalagang temang may kaugnayan sa pag-aaral.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Alang-alang sa mga datos na kuwantitatibo, ginamit ang mean at standard deviation upang ilarawan ang antas ng bilis ng pagbasa. Ginamit din ang *paired sample t-test* sa pagtukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test scores sa antas na (0.05) ng kahalagahan. Ang ukol sa kuwalitatibong datos, ginamit ang thematic analysis sa pagtukoy sa mga umuusbong na tema mula sa mga pananaw ng mga guro ukol sa paggamit ng repeated reading strategies.

## III. MGA PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Ang Antas ng Bilis ng Pagbasa ng mga Mag-Aaral sa Unang Yugto Bago ang Paggamit ng Repeated Reading Strategy (RRS)**

Nailalahad sa Talahanayan 1 ang resulta ng pre-test sa bilis ng pagbasa gamit ang 30-item test. Nakikita na ang tatlong paaralan: School A ($\bar{x}$ = 11.2, σ = 2.31), School B ($\bar{x}$ = 10.5, σ = 2.08), at School C ($\bar{x}$ = 9.8, σ = 2.45) ay pawang nakakuha ng mababang antas ng marka sa pagbasa. Ang kabuoang mean na ($\bar{x}$ =10.5) ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nasa mababang inaasahang antas ng kasanayan sa bilis at katumpakan sa pagbasa.

Ang pagkakatulad ng mababang resulta ng tatlong paaralan ay maaaring nagpapahiwatig na may pangkalahatang hamon sa batayang kasanayan sa tatas sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa National Reading Panel (2000), ang *reading fluency* o tatas sa pagbasa ay mahalagang sangkap ng maunawang pagbasa dahil ito ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng dekoding at pag-unawa sa teksto. Kung mababa ang tatas, naaapektuhan din ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

***Talahanayan 1.***
***Resulta ng Pre-Test sa Bilis ng Pagbasa (30-Item Test)***

| Paaralan | Bilang ng Kalahok | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| School A | 15 | 11.2 | 2.31 | Mababa |
| School B | 15 | 10.5 | 2.08 | Mababa |
| School C | 15 | 9.8 | 2.45 | Mababa |
| **Kabuoan** | **45** | **10.5** | **2.28** | **Mababa** |

*Eskala:* 25.00-30.00 - Lalong Mataas 7.00-12.00 - Mababa
19.00-24.00 – Mataas 1.00-6.00 - Lalong Mababa
13.00-18.00 - Katamtaman

Nakikita rin sa standard deviation (σ) na nasa pagitan ng (σ = 2.08) hanggang (σ = 2.45) ang pagkakaiba-iba ng iskor ng mga mag-aaral sa bawat paaralan. Ipinahihiwatig nito na bagaman karamihan ay nasa mababang antas, may kaunting pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kina Hasbrouck at Tindal (2017), ang *variability* sa iskor sa tatas sa pagbasa ay karaniwang hudyat ng hindi pantay na pag-unlad ng dulas ng pagbasa at tamang tono o ritmo sa pagbasa.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Rasinski (2012) na ang mga mag-aaral na may mababang tatas ay kadalasang nahihirapan sa mabilis, tama, at may tamang intonasyon na pagbasa, na tuwirang nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap. Ang kinalabasan ng *pre-test* ay nagpapabatid ng pangangailangan para sa isang interbensyon tulad ng Repeated Reading Strategy upang mapataas ang antas ng bilis at katumpakan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Antas ng Bilis ng Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Unang Yugto Matapos ang Paggamit ng Repeated Reading Strategy (RSS)**

Ipinakikita sa Talahanayan 2 na ang mga mag-aaral mula sa School A ($\bar{x}$ = 22.4, σ = 2.10), School B ($\bar{x}$ = 21.7, σ = 2.05), at School C ($\bar{x}$ = 20.9, σ = 2.32) ay nagtamo ng mataas na antas ng pagganap matapos ang isinagawang interbensyon. Ang kabuoang mean na ($\bar{x}$=21.7) ay nagpapaalam ng malinaw na pagtaas kung ihambing sa pre-test, na nagsasaad ng pag-unlad sa bilis at katumpakan ng pagbasa ng mga mag-aaral.

***Talahanayan 2.***
***Resulta ng Post-Test sa Bilis ng Pagbasa (30-Item Test)***

| Paaralan | Bilang ng Kalahok | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| School A | 15 | 22.4 | 2.10 | Mababa |
| School B | 15 | 21.7 | 2.05 | Mababa |
| School C | 15 | 20.9 | 2.32 | Mababa |
| **Kabuuan** | **45** | **21.7** | **2.28** | **Mababa** |

*Eskala:* 25.00-30.00 - Lalong Mataas 7.00-12.00 - Mababa
19.00-24.00 – Mataas 1.00-6.00 - Lalong Mababa
13.00-18.00 - Katamtaman

Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpapakita na ng mas mahusay na *automaticity* o dulas sa pagbasa at *prosody* o tono o ritmo, kung saan sila ay mas mabilis na bumabasa at mas wasto ang intonasyon, diin, at ritmo. Ayon kina Rasinski (2012), ang tatas ay nagsisilbing tulay ng dekoding at maunawang pagbasa, kaya kapag ito ay umuunlad, tumataas din ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng teksto.

Dagdag pa rito, ayon sa National Reading Panel (2000), ang mga estratehiyang nakatuon sa repeated reading at guided oral reading ay nagpapahusay sa tatas sa pagbasa dahil ang mga ito ay nag-aambag sa paglinang ng awtomatikong pagkilala sa mga salita at tamang ekspresyon sa pagbasa. Sa kasalukuyang resulta, pinatutunayang mabisang naipatutupad ang interbensyon dahil ang mga mag-aaral ay nagmalas pag-unlad sa kanilang post-test scores.

Sa pananaw nina Kuhn at Stahl (2003), ang pag-unlad ng tatas ay nangyayari kapag ang mga mag-aaral ay patuloy na nagsasanay sa pagbasa ng mga teksto nang paulit-ulit, na nagreresulta sa mas mabilis at mas natural na pagbasa. Sa kasalukuyang pag-aaral, nagpapakita ang mga mag-aaral ng pagtaas ng antas ng natural na dulas sa pagbasa at ekspresyon, na palatandaan ng matagumpay na pagkatuto.

Gayundin, ayon kina Hasbrouck at Tindal (2017), ang pagtaas ng iskor sa pasalitang pagbasa ay nagsasaad ng pag-angat sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, at ito ay nakikita sa makabuluhang pagtaas ng mean scores sa post-test ng tatlong paaralan.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Bilis ng Pagbasa ng mga Mag-aaral Bago at Matapos ang Paggamit ng Repeated Reading Strategy**

Ipinamamalas sa Talahanayan 3 ang datos ukol sa makabuluhang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng Repeated Reading Strategy. Nababatid na malaki ang pagtaas ng mean score mula sa pre-test ( $\bar{x}$ = 10.5 o mababa) patungo sa post-test ($\bar{x}$ = 21.7 o mataas), na nagpapahiwatig ng malinaw na pag-unlad sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Repeated Reading Strategy.

***Talahanayan 3.***
***Pagkakaiba ng Bago at Matapos ang Paggamit ng Repeated Reading Strategy sa Bilis ng Pagbasa***

| Pangkat | Mean | (SD) | t-value | df | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-Test | 10.5 | 2.28 | | | | |
| Post-Test | 21.7 | 2.16 | 12.34 | 44 | 0.000 | Makabuluhan |

Batay sa resulta ng *paired sample t-test*, ang nakamit na *t*-value na (12.34) na may *p*-value na 0.000 ($p < .05$) ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test. Ibig sabihin, ang pagtaas ng iskor ay hindi dulot ng pagkakataon lamang kundi bunga ng interbensyong isinagawa.

Ayon sa National Reading Panel (2000), ang Repeated Reading Strategy ay isang mabisang estratehiya sa pagpapaunlad ng tatas sa pagbasa dahil ito ay nagpapalakas ng dulas ng pagbasa at tamang tono o ritmo sa pagbasa ng mga mag-aaral. Dagdag pa ni Rasinski (2012), ang pagtaas ng tatas ay tuwirang nagreresulta sa mas mahusay na pag-unawa. Samakatuwid, may makabuluhang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos ang paggamit ng Repeated Reading Strategy.

**Mga Pananaw ng mga Guro Hinggil sa Kabisaan ng Paggamit ng Repeated Reading Strategy Sa Pagpapahusay ng Bilis ng Pagbasa**

Ang unang tema na *positibong epekto ng RRS sa kasanayan sa pagbasa* ay nagpapakita ng tuwirang akademikong pakinabang ng Repeated Reading Strategy (RRS) sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Batay sa mga tugon ng siyam na kalahok, tatlong pangunahing sentral na idea ang lumitaw: ang pag-unlad ng bilis ng pagbasa, ang pagtaas ng antas ng tatas, at ang paglinang ng pag-unawa sa teksto.

Ang mga kalahok ay nagpapatunay na ang RRS ay mabisang interbensiyon na nagpapaangat ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa isang kalahok:

*"Dati mga tatlumpung salita lang ang nababasa niya sa isang minuto, ngayon umabot na siya sa animnapung salita. Dako kaayo nga improvement 'yon."*

("Dati mga tatlumpung salita lang ang nababasa niya sa isang minuto, ngayon umabot na siya sa animnapung salita. Malaking pag-unlad 'yon.") [Kalahok-1]

Ang salaysay ng kalahok ay nagpapakita ng dobleng iskor sa pagbasa ng isang mag-aaral sa maikling panahon lamang. Sinusuportahan ito ng pananaliksik ni Olson (2023), na natuklasan na ang mga mag-aaral na ginamitan ng repeated reading strategy ay umangat sa kanilang iskor sa pagbasa. Bukod pa rito, itinatampok nina Bennett et al. (2017) na ang paulit-ulit na pagbasa o *repeated reading* ay isang akademikong gawi na naglalayong mapataas ang tatas sa pagbasa nang pasalita, lalo na para sa mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa pagbasa ng mga salita ngunit kulang pa sa tatas para sa kanilang antas.

Ang pagtaas ng antas ng tatas sa pagbasa ay kinikilala rin ng mga kalahok. Ipinahayag nila na:

*"Mas fluent na sila — dili na choppy ang pagbasa. At ang pronunciation, nag-improve talaga. Sa una, nahihirapan sila sa mga salitang may maraming pantig, karon, kaya na nila."*

("Mas fluent na sila. Hindi na choppy ang pagbasa. At ang pronunciation, nag-improve talaga. Sa una, nahihirapan sila sa mga salitang may maraming pantig, ngayon, kaya na nila.") [Kalahok 8]

*“Naa sad ko student na nahihirapan sa mga mahabang salita. Pautal-utal sa pagbasa. Noong nag-start na akong magpabasa sa kaniya nang pauli-ulit, napuna ko na naging mas mabilis na siya sa pagbasa”*

("Mayroon din akong estudyante na nahihirapan sa mga mahahabang salita. Pautal-utal sa pagbasa. Noong nag-start na akong magpabasa sa kaniya nang paulit-ulit, napansin ko na naging mas mabilis na siya sa pagbasa.") [Kalahok 9]

Ang obserbasyon ng mga kalahok ay umaayon sa pananaliksik ni Pikulski at Chard (2005) na inilalarawan ang tatas o *fluency* bilang tulay sa pagitan ng dekoding at maunawang pagbasa, ang mag-aaral na matatas magbasa ay higit na nakakaunawa sa nilalaman ng teksto. Dagdag pa rito, ipinababatid ng mga natuklasan ni Olson (2023) na ang paulit-ulit na pagbasa ay nagpapahusay ng tatas sa pamamagitan ng pagpapabuti ng bilis at tamang ritmo o tono sa pagbasa.

Ang ibang kalahok ay nagpahayag na ang RRS ay hindi lamang nagpapabilis ng pagbasa kundi nagpapalalim din ng pag-unawa. Sinabi nila

*"Kung pamilyar na sila sa teksto, mas focus na sila sa meaning kaysa sa pag-decode sa matag word.”*

("Kung pamilyar na sila sa teksto, mas focus na sila sa meaning kaysa sa pag-decode sa bawat salita.") [Kalahok 2]

*Kung tama ang tono, pag-pause sa pagbasa, ang comprehension nila nag-improve pud."*

("Kung tama ang tono, paghinto sa pagbasa, ang komprehensiyon nila ay umunlad din.") [Kalahok 3]

*Karon kung pangutan-on nako sila sa mga basic content sa text, maka answer na sila.”*

(“Ngayon kung tatanungin ko sila sa mga batayang nilalaman ng teksto, makasasagot na sila.”) [Kalahok 4]

*Ni ok na baya ang ilang comprehension. Sa una, bisan ihungit ang answer, dii gyud.”*

(“Maayos na ang kanilang komprehensiyon. Noon, kahit ipasubo na ang sagot, hindi Talaga nakasasagot”) [Kalahok 5]

Ang obserbasyong ito ay tugma sa paniniwala nina Alghafri, at Al Hosni, (2023) na ang repeated reading strategies ay tumutulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang bilis sa pagbasa na nagtataguyod ng komprehensiyon, at ang mga mag-aaral na hindi matatas magbasa ay magkakaroon ng limitadong pag-unawa sa teksto.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

Ang ikalawang tema na: *pagbabago sa kumpiyansa at motibasyon ng mga mag-aaral* ay tumutukoy sa sikolohikal na epekto ng RRS sa mga mag-aaral, partikular sa paglinang ng kumpiyansa, tagumpay, at motibasyon sa pagbasa. Ang lahat ng kalahok ay nagkakaisang kinikilala ang dimensyong ito ng RRS bilang isa sa mga pinaka-kapansin-pansing resulta ng estratehiya.

Ang mga kalahok ay nagpatunay na ang RRS ay nagpapalakas ng tiwala ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa harap ng klase. Ipinahayag na:

*"Dati, kung tawgon mo sila nga magbasa sa unahan, nangurog pa ang mga tuhod. Karon, nagbo-volunteer na sila!"*

(*"*Dati kung tawagin mo para magbasa sa harap ng klase, nanginginig ang tuhod. Ngayonn nag-volunteer na sila*"*) [Kalahok 7]

Ang malakas na pagbabago sa kumpiyansa na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Blackburn (2026) na nagpakita na ang repeated reading strategies ay nauugnay sa pagpapabuti ng tiwala ng mga mag-aaral at mas malaking kagustuhan nilang lumahok sa mga gawain sa pagbasa. Karagdagang pinatunayan ni Olson (2023) na ang mga mag-aaral na sumasailalim sa repeated reading strategies ay nagpapalawig ng kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng pagtaas ng tiwala at paniniwala sa kanilang sariling kakayahan bilang mga mambabasa.

Ang diwa ng pagtatagumpay o *sense of achievement*, lalo na para sa mga mahinina sa pagbasa, ay kinikilala ng mga kalahok. Binigyang-diin na:

*"Para sa mga struggling readers, nagbibigay siya ng sense of achievement — importante gyud para sa self-esteem nila."*

("Para sa mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbasa, nagkaakloob ang RRS ng diwa ng pagtatagumpay. Mahalaga ito para sa self-esteem nila") [Kalahok 6]

Ang salaysay na ito ay nagpapakita ng mahalagang papel ng emosyonal na tagumpay sa proseso ng pagkatuto. Sinusuportahan ito ng pananaliksik ni Blackburn (2026) na nagpakita na ang repeated reading strategiea ay nagbubunga ng mas malaking kagustuhan ng mga mag-aaral na makisali sa mga gawain sa pagbasa, na nagmumungkahi na ang nararamdamang tagumpay ay nagsisilbing pagganyak para sa patuloy na pagsisikap.

Ang mga kalahok ay ang gumagamit ng biswal na pagpapakita ng pag-unlad upang mapalakas ang motibasyon ng mga mag-aaral. Ibinunyag ng kalahok na:

*Ginapakita nako sa ilaha ang ilang progress chart — kung makita nila nga 'Oh, nag-improve na ko!', mas nagsisikap pa sila."*

("Ipinakikita ko sa kanila ang kanilang pag-unlad. Kung nakikita nila umuunlad sila, mas lalo silang nagsisikap.") [Kalahok 4]

Ang ganitong gawi ay umaayon sa simulain ng pansariling pagsusuri na inilarawan ni Olson (2023), kung saan ang mga mag-aaral ay nagtakda ng kanilang sariling mga layunin o pamantayan at sinusubaybayan ang kanilang pag-unlad. Ito ay isang bahagi ng RRS na nagpapalakas ng panloob na pagganyak. Kaugnay nito, ang pananaliksik ni Blackburn (2026) ay nagpapabatid na ang mga mag-aaral na nakikita ang kanilang sariling pag-unlad sa pagbasa ay nagpapamalas ng mas mataas na antas ng motibasyon.

Ang ikatlong tema na *konsistensi at tamang pagpapatupad bilang susi sa tagumpay* ay nagpapakita na ang tagumpay ng RRS ay hindi lamang nakasalalay sa estratehiya mismo kundi pati na rin sa konsistent na pagpapatupad, paggamit ng mga pagtataya, at aktibong pakikilahok ng pamilya.

Ang mga kalahok ay nagkakaisang nagpapatunay na ang konsistensi sa pagpapatupad ng RRS ang pangunahing salik sa pagkamit ng makabuluhang resulta. Binigyang-diin ng dalawang kalahok na:

*"Sa akong experience, mas epektibo kung consistent — kung paminsan-minsan lang, dili kaayo kapansin-pansin ang pagbabago sa mga bata."*

("Sa aking karanasan, mas mabisa kung konsistent, kung paminsan-minsan lang, hindi magiging kapansin-pansin ang pagbabago sa mga bata.") [Kalahok 7]

"*Kinahanglan adlaw-adlaw gyud ang pagpabasa. Kung hindi palagi, magiging mahina rin ang mga mag-aaral.*"

("Kinakailangan, araw-araw ang pagpapabasa. Kung hindi palagi, magiging mahina rin ang mga mag-aaral.") [Kalahok 1]

Ang mga salaysay na ito ay sinusuportahan ng mga natuklasan ni Olson (2023), na itinatampok na ang paulit-ulit at tuloy-tuloy na pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbasa ng parehong teksto ay ang pangunahing pamamaraan ng RRS na nagbubunga ng paglinang ng tatas. Ipinakita rin ng pag-aaral nina Connor et al. (2014) na ang repeated reading strategies ay nangangailangan ng palagiang pagsasanay. Ang isang mag-aaral ay nagbabasa ng isang talata nang hindi bababa sa tatlong beses sa isang araw upang makamit ang kasiya-siyang antas ng tatas sa pagbasa.

Ang mga kalahok ay gumagamit ng Words Correct Per Minute (WCPM) bilang pormal na sukatan o pamantayan ng pag-unlad ng pagbasa. Ipinahayag ng kalahok

*"Gamiton nako ang WCPM — Words Correct Per Minute. Matag duha ka semana, gina-time-an nako ang matag bata og gina-record sa chart para makita ang improvement."*

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal


("Ginamit ko ang WCPM — Words Correct Per Minute. Dalawang lingo, inuurasan ko ang bawat bata at itinataka ang kanilang performance sa isang chart upang makita ang kanilang pag-unlad.") [Kalahok 8]

Ang paggamit ng WCPM ay tanyag na pamamaraan sa pagtataya ng tatas sa pagbasa. Ayon kina Tortorelli at Truckenmiller (2024), ang inuurasang gawain sa pagbasa ay isang pamamaraan ng pagtuturo para sa pagsusubaybay ng paglinang ng tatas sa pagbasa ng mga mag-aaral, at ang paulit-ulit na pagbasa sa takdang oras gamit ang pamilyar na teksto ay nagpapataas ng bilis sa pagbasa na nagpapabuti ng komprehensiyon.

Binibigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng pakikiisa ng magulang bilang mahalagang sangkap sa tagumpay ng RRS. Ibinahagi ng isang kalahok ang kaniyang karanasan sa pagpapabasa sa tulong ng magulang:

*"Kung ang bata mag-practice pud sa balay, mas paspas ang development. Kaya ginapadala nako og simpleng home reading activity — kitang-kita ang effort, kitang-kita pud ang resulta."*

"Kung ang bata ay magsasanay ng pagbasa sa bahay, mas mabilis ang pag-unlad. Kaya ipinadadala ko ang isang payak na home reading activity, dito kitang-kita ang pagsisikap at kitang-kita rin ang resulta." [Kalahok 9]




***Talangguhitan 1.***
***Kabisaan ng Repeated Reading Strategy (RRS) sa Pagpapahusay ng Bilis ng Pagbasa sa Unang Yugto***

Ang salaysay na ito ng kalahok ay nagpapakita ng kahalagahan ng pakikiisa ng mga magulang sa pagpapalakas ng epekto ng RRS. Sinusuportahan ito ng pananaliksik ni Olson (2023) na nagmumungkahi na ang karagdagang suporta sa labas ng paaralan, kasama na ang pagsasanay sa bahay, ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para mapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang tatas sa pagbasa, na nagdudulot ng mas mabilis at mas makabuluhang pag-unlad.

Bilang paglalahat, ang tatlong tema ay nagpapabatid ng maunawang larawan ng kabisaan ng RRS mula sa pananaw ng mga guro sa unang yugto. Ang mga natuklasan ay nagpapatunay na ang RRS ay isang mabisang estratehiya na umaabot sa tatlong dimensyon

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

ng pag-unlad ng mag-aaral: akademiko (bilis, tatas, komprehensiyon), sikolohikal (kumpiyansa, motibasyon, diwa ng pagtatagumpay), at pedagohikal (konsistensi, mapanghahawakang pagtataya, at suporta ng pamilya). Ang mga salaysay ng mga kalahok, na sinusuportahan ng mga natuklasan ng pananaliksik, ay nagpapatunay na ang RRS, kung isinagawa nang tama at tuloy-tuloy, ay isang makapangyarihang kasangkapan sa paglinang ng mga bata sa unang yugto bilang mga matatas na mambabasa.

**Pinagsamang Pagpapakahulugan mga ng Datos Batay sa Convergent Parallel Mixed Methods Design**

Ipinababatid ng pinagsamang pagsusuri ng kuwantitatibo at kuwalitatibong mga datos na ang Repeated Reading Strategy (RRS) ay naging mabisang interbensiyon sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Sa convergent parallel mixed methods design, sabayang kinolekta at sinuri ang dalawang uri ng datos at kalauna'y pinagsama upang makabuo ng mas malalim at mas komprehensibong pag-unawa sa kabisaan ng interbensiyon.

Sa aspektong kuwantitatibo, lumabas na ang kabuoang mean iskor ng mga mag-aaral ay tumaas mula 10.5 (mababa) sa pre-test tungo sa 21.7 (mataas) sa post-test matapos ang apat na linggong pagpapatupad ng Repeated Reading Strategy sa mga klase sa Filipino. Dagdag pa rito, ang resulta ng paired sample t-test ay nagpakita ng $t = 12.34$, $p = .000$, na nagpapatunay na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga iskor ng pre-test at post-test. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang pagtaas ng pagganap ay hindi nagkataon lamang kundi bunga ng isinagawang interbensiyon.

Samantala, pinagtibay naman ng kuwalitatibong resulta ang mga natuklasang ito sa pamamagitan ng tatlong pangunahing tema: (1) Positibong Epekto ng RRS sa Kasanayan sa Pagbasa, (2) Pagbabago sa Kumpiyansa at Motibasyon ng mga Mag-aaral, at (3) Konsistensi at Tamang Pagpapatupad bilang Susi sa Tagumpay. Inilarawan ng mga guro na naging mas mabilis, mas matatas, at mas may pag-unawa sa teksto ang mga mag-aaral matapos ang paulit-ulit na pagbasa. Napansin din nila ang pagtaas ng kumpiyansa ng mga bata sa pagbabasa at mas mataas na antas ng partisipasyon sa klase.

Ipinakikita ng integrasyon ng dalawang datos ang convergence o pagkakatugma ng mga natuklasan. Ang estadistikal na pagtaas sa mga mean iskor ay sinuportahan ng aktuwal na obserbasyon at karanasan ng mga guro sa loob ng silid-aralan. Habang ipinakita ng mga kuwantitatibong datos ng pag-unlad, ipinaliwanag naman ng mga kuwalitatibong natuklasan kung paano naganap ang pagbabagong ito sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, sistematikong pagtataya, at suporta ng guro at magulang.

Pinatutunayan ng convergent parallel analysis na ang Repeated Reading Strategy ay hindi lamang nagpapataas ng bilis ng pagbasa kundi nakapagpapalakas din ng tatas, pag-unawa, kumpiyansa, at motibasyon ng mga mag-aaral. Dahil dito, maaaring ituring ang RRS bilang isang makabuluhan at mabisang estratehiyang pedagohikal para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa unang yugto.

## IV. MGA KONGKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

**Mga Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na mababa ang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral bago ang pagpapatupad ng Repeated Reading Strategy. Ipinakita ng resulta ng pre-test na kinakailangan pa ng mga mag-aaral ang karagdagang pagsasanay upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa.

Matapos ang apat na linggong pagpapatupad ng Repeated Reading Strategy, lumitaw na tumaas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa post-test. Ang pagtaas ng mean score ay nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang bilis at katumpakan sa pagbasa. Higit pa rito, ipinakita ng pagsusuring estadistikal na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga iskor ng pre-test at post-test, na nagpapatunay na naging mabisa ang pagtataguyod ng Repeated Reading Strategy bilang gawaing pang-interbensyon sa pagpapaunlad ng bilis ng pagbasa.

Dagdag pa, napagtitibay ng pag-aaral na ang Repeated Reading Strategy ay isang mabisang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa naging kinalabasan at kongklusyon ng pag-aaral na nagpapatunay sa mataas na kabisaan ng *Repeated Reading Strategy (RRS)* sa pagpapahusay ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral, buong-pagpapakumbabang inihahandog ang sumusunod na mga hakbang.

Unang-una, para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ikatlong baitang at buong unang yugto (Key Stage 1), iminumungkahi na gawing institusyonal at palagiang bahagi ng pang-araw-araw na gawaing pampagtuturo ang estratehiyang ito. Dahil napatunayan sa pag-aaral na ang konsistensi ang pangunahing susi sa tagumpay, lubhang mahalaga ang araw-araw na pagsasanay upang tuluyang mapalitan ng kumpiyansa ang pautal-utal na pagbasa ng mga bata. Kaugnay nito, nararapat ding ipagpatuloy ang masistemang paggamit ng *Words Correct Per Minute (WCPM)* tuwing ikalawang linggo bilang pamantayan sa pagtataya, kasabay ng pagpapakita ng *progress charts* na napatunayang mabisa sa pagpapasigla ng pagganyak at paglinang ng diwa ng pagtatagumpay ng mga mag-aaral na mahina pa sa pagbasa.

Ikalawa, para naman sa mga punong-guro, tagamasid, at pampurok, at tagamasid pansangay sa Filipino, iminumungkahi ang pag-oorganisa ng mga *Learning Action Cell (LAC) sessions* o mga seminar-workshop upang ang naging matagumpay na karanasan ng mga gurong kalahok sa pananaliksik na ito ay maibahagi at maituro din sa iba pang mga guro. Bukod dito, mahalagang maglaan ang pamunuan ng paaralan ng sapat na pondo para sa pagbuo, pagpapalimbag, at pagpaparami ng mga angkop na mga tekstong pampagkatuto na magiging pangunahing kagamitan ng mga guro sa kanilang pagtataguyod ng paulit-ulit na pagpapabasa.

Ikatlo, sa antas ng Sangay ng Lungsod ng Davao, partikular sa Tagamasid sa Filipino, inirerekomenda na gamitin ang mga empirikal na datos ng pananaliksik na ito gaya ng makabuluhang pagtaas ng kabuoang mean iskor mula 10.5 patungong 21.7 bilang matibay na batayan sa pagbalangkas ng mga pandibisyong patakaran at programa sa interbensyon sa pagbasa. Sa pamamagitan nito, mas mapalalakas ang mga inisyatiba ng sangay na matugunan ang pangkalahatang hamon sa mabagal na pagbasa sa antas elementarya.

Ikaapat, upang higit na mapabilis ang pag-unlad ng mga mag-aaral, iminumungkahi ang mas masiglang pakikipagtulungan sa mga magulang at tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagpapatupad ng opisyal na *"Home Reading Activity"* o gawaing pagbasa sa tahanan. Sapagkat napatunayang malaki ang ambag ng suporta sa labas ng paaralan, ang paggabay ng magulang sa kanilang mga anak na magbasa nang paulit-ulit sa loob ng 10 hanggang 15 minuto bawat gabi, o sa mga araw na Sabado at Linggo, ay tiyak na magbubunga ng mas mabilis at makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng bata.

Panghuli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, iminumungkahi na palawakin pa ang saklaw ng mga susunod na pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng iba pang antas ng baitang tulad ng Baitang 1 at 2. Maliban sa bilis ng pagbasa, nararapat din na suriin sa mas mahabang panahon ng implementasyon ang tuwirang ugnayan ng RRS sa iba pang mahahalagang dimensyon tulad ng maunawang pagbasa, katumpakan (accuracy), at ekspresyon sa pagbasa (prosody) upang makabuo ng mas malawak at komprehensibong literatura hinggil sa kabisaan ng estratehiya.

## V. TALAAN NG MGA SANGGUNIAN


1. Alghafri, A., & Al Hosni, R. (2023). The effect of repeated reading strategy on comprehension among grade four school students. *Participatory Educational Research, 10*(3), 21–36. https://doi.org/10.17275/per.23.42.10.3.
2. Bennett, J. G., Gardner, R., III, Cartledge, G., Ramnath, R., & Council, M. R., III. (2017). *Second-grade urban learners: Preliminary findings for a computer-assisted, culturally relevant, repeated reading intervention*. *Education and Treatment of Children, 40*(2), 145–186.
3. Blackburn, K. (2026). *Repeated reading intervention to improve middle school reading motivation*. *CSU Journal of Educational Practice and Technology, 2*(1). https://doi.org/10.54093/jept.v2i1.1172.
4. Calvin, K., Lee, L. E., Austin, C., Gouge, S., & Watson, A. (2026). *The effects of repeated reading interventions on the oral reading fluency of middle school students with reading difficulties and disabilities*. *Journal of Learning Disabilities*. Advance online publication.
5. Connor, C. M., Alberto, P. A., Compton, D. L., & O'Connor, R. E. (2014). *Improving reading outcomes for students with or at risk for reading disabilities: A synthesis of the contributions from the Institute of Education Sciences research centers* (NCSER 2014-3000).
6. Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and conducting mixed methods research* (3rd ed.). SAGE Publications.
7. Hasbrouck, J. E., & Tindal, G. A. (2017). *An update to compiled oral reading fluency norms*. Technical report.
8. Kim, D. (2019). Elementary English learners' use of reading strategies with culturally relevant and culturally distant stories. *Journal of Language, Identity & Education, 18*(2), 73–91.
9. Kuhn, M. R., & Stahl, S. A. (2003). *Fluency: A review of developmental and remedial practices*.
10. National Reading Panel. (2000). *Teaching children to read: An evidence-based assessment*. National Institute of Child Health and Human Development.
11. Olson, S. N. (2023). *Repeated readings and their impact on reading fluency* (Master's thesis, Bethel University). Spark Repository.
12. Patton, M. Q. (2015). *Qualitative research and evaluation methods* (4th ed.). SAGE Publications.
13. Pikulski, J. J., & Chard, D. J. (2005). Fluency: Bridge between decoding and reading comprehension. *The Reading Teacher, 58*(6), 510–519.
14. Rasinski, T. V. (2012). Why reading fluency should be hot! *The Reading Teacher, 65*(8), 516–522.
15. Tortorelli, L. S., & Truckenmiller, A. J. (2024). *Automaticity in writing in response to reading: Relations between oral reading fluency and compositional writing fluency in Grades 3–5*. *Reading & Writing Quarterly, 40*(2), 103–117.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

## VI. APENDIKS

| Banghay-Aralin sa Filipino<br>Baitang 3 | |
|---|---|
| **I. Intention**<br>(Mga Layuning Pampagkatuto)<br><br>Sa katapusan ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>1. Nakababasa ng pabula nang may wastong pagbigkas, bilis, at intonasyon gamit ang Repeated Reading Strategy.<br>2. Natutukoy ang mahahalagang detalye ng pabula.<br>3. Naipaliliwanag ang aral na makukuha mula sa salaysay.<br>4. Naipakikita ang pagpapahalaga sa pagtutulungan at kabutihan sa kapwa. | |
| **II. Learning Activities**<br>(Mga Gawaing Pampagkatuto) | |
| **Mga Gawain ng Guro** | **Mga Gawain ng Mag-aaral** |
| **Panimulang Gawain**<br><br>Magpapakita ang guro ng larawan ng leon at daga.<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang alam ninyo tungkol sa leon?<br>2. Ano naman ang alam ninyo tungkol sa daga?<br>3. Maaari bang magtulungan ang dalawang magkaibang hayop? | Sasagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang karanasan at obserbasyon. |
| **Paglalahad ng Aralin**<br><br>Ipaliwanag ng guro na babasa sila ng isang tekstong pabula gamit ang Repeated Reading Strategy upang mas maunawaan ang kuwento. | Makikinig at magbibigay ng sariling ideya tungkol sa pabula. |
| **Paglinang ng Talasalitaan**<br>Ipaliliwanag ang mga di-pamilyar na mga salita mula sa kuwento/teksto. Halimbawa: nahuli, lambat, nagpasalamat | Magbibigay ng kahulugan at gagamitin ang salita sa pangungusap. |
| **Pagbasa ng Teksto/Salaysay**<br>Repeated Reading – Unang Pagbasa ng Guro (Pagmomodelo) Babasahin nang may tamang bilis, tono at intonasyon | Makikinig nang mabuti. Susundan ang pagbasa ng guro. Ang bawat isa ay may sariling sipi ng teksto. (*Silent Reading*) |
| Repeated Reading – Ikalawang Pagbasa (Pangungunahan ng guro ang sabayang pagbasa ng buong klase) Babasahin nang may tamang bilis, tono at intonasyon. | Sabay-sabay na babasahinn ang teksto. Sundan ang pagmomodelo ng guro. Tiyakin na tama ang tono, bilis at intonasyon. |

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

| | |
|---|---|
| Repeated Reading – Ikatlong Pagbasa<br>Hahatiin sa pares o maliliit na pangkat upang muling basahin ang pabula.<br><br>**Pagsubok sa Natutuhan**<br>Pagkatapos ng tatlong pagbasa, itatanong ng guro:<br><br>1. Sino ang mga tauhan?<br>2. Ano ang naging suliranin?<br>3. Paano nalutas ang suliranin? | Magbabasa nang pares o pangkat hanggang maging mas malinaw at mahusay ang pagbasa.<br><br>Sasagot sa mga tanong ng guro at maaaring magbahagi ng pag-unawa sa pabula. |
| **Assessment**<br>(Pagtataya)<br>**A. Pagbasa (Nakababasa)**<br>Magbasa ng isang bahagi ng pabula nang may wastong pagbigkas, bilis, at intonasyon.<br><br>**Pamantayan:** pagbigkas, kaayusan ng pagbasa, bilis, at pag-unawa.<br><br>**B. Pag-unawa (Natutukoy)**<br>Tukuyin ang sumusunod batay sa binasang pabula:<br><br>1. Mga tauhan<br>2. Suliranin sa kuwento<br>3. Mahahalagang pangyayari<br><br>**C. Pagpapaliwanag (Naipaliliwanag)**<br>Ipaliwanag sa 2–3 pangungusap ang aral na natutuhan mula sa pabula.<br><br>**D. Pagpapahalaga (Naipakikita)**<br>Magbigay ng isang sitwasyon kung paano maipakikita ang pagtutulungan at kabutihan sa kapwa sa paaralan o tahanan. | |
| **Ways Forward**<br>(Pagpapatuloy ng Pagkatuto)<br><br>**Takdang-Aralin / Enrichment Activity:**<br>Gumuhit ng isang tagpo sa pabula at sumulat ng 3 pangungusap tungkol sa natutuhan mong aral.<br><br>**Karagdagang Gawain:**<br>Maghanap ng isa pang pabula at ibahagi ang aral nito sa susunod na klase. | |